## SILABUS NG BAGONG ASIGNATURANG FILIPINO SA KOLEHIYO

**Pamagat ng Kurso: Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino (KONKOMFIL)**

**Bilang ng Yunit: 3**

**Deskripsyon ng Kurso:** Ang KONKOMFIL ay isang praktikal na kursong nagpapalawak at nagpapalalim sa kontekstwalisadong komunikasyon sa wikang Filipino ng mga mamamayang Pilipino sa kani-kanilang mga komunidad sa partikular, at sa buong lipunang Pilipino sa pangkalahatan. Nakatuon ang kursong ito sa makrokasanayang pakikinig at pagsasalita, gayundin sa kasanayan sa paggamit ng iba't ibang tradisyonal at modernong midya na makabuluhan sa kontekstong Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.

**Inaasahang Matututuhan:**

Sa pagtatapos ng kurso, inaaasahang matututuhan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

**Kaalaman**

1. Mailarawan ang mga gawing pangkomunikasyon ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.
2. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.
3. Matukoy ang mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa.
4. Matukoy ang mga mapagkakatiwalaan, makabuluhan at kapaki-pakinabang na sanggunian sa pananaliksik

5. Makapagmungkahi ng mga solusyon sa mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa, batay sa pananaliksik.

6. Maipaliwanag ang mahigpit na ugnayan ng pagpapalakas ng wikang pambansa, pagpapatibay ng kolektibong identidad, at pambansang kaunlaran.

**Kasanayan**

1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.

2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.

3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.

4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.

5. Malinang ang Filipino bilang daluyan ng inter/multidisiplinaring diskurso na nakaugat sa mga realidad ng lipunang Pilipino.

**Halagahan**

1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.

2. Makapagbalangkas ng gabay etikal kaugnay ng paggamit ng iba't ibang porma ng midya.

3. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya.

4. Makapag-ambag sa pagtataguyod ng wikang Filipino bilang daluyan ng makabuluhan at mataas na antas ng diskurso na akma at nakaugat sa lipunang Pilipino, bilang lunsaran sa mas mabisang pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng ibang bansa

**Bilang ng oras:** 3 oras bawat linggo sa loob ng 18 linggo o 54 oras sa isang semester

| Linggo | Mga Paksa |
|---|---|
| 1-3 | ***Introduksyon: Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mas Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas Pa***<br>(Kailangang ipaliwanag dito na tinangkang paslangin ng Commission on Higher Education ang Filipino sa kolehiyo, at ipinaglaban ito ng iba't ibang grupo sa pangunguna ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/TANGGOL WIKA kaya't hanggang ngayon ay may asignaturang Filipino pa rin sa kolehiyo. Kailangang bigyang-diin sa bahaging ito ang kahalagahan ng wikang pambansa sa pagbubuo ng makabuluhang diskurso sa iba't ibang larangan ng komunikasyon at pananaliksik.)<br><br>***Pagpoproseo ng Impormasyon Para sa Komunikasyon***<br>• Pagpili ng Batis (Sources) ng Impormasyon<br>• Pagbabasa at Pananaliksik ng Impormasyon<br>• Pagbubuod at Pag-uugnay-ugnay ng Impormasyon<br>• Pagbubuo ng Sariling Pagsusuri Batay sa Impormasyon<br><br>***Mga Gawing Pangkomunikasyon ng mga Pilipino***<br>• Tsismisan<br>• Umpukan<br>• Talakayan<br>• Pagbabahay-bahay<br>• Pulong-bayan<br>• Komunikasyong Di Berbal (Kumpas atbp.)<br>• Mga Ekspresyong Lokal |
| 4-6 | ***Mga Napapanahong Isyung Lokal at Nasyonal***<br>• Korapsyon<br>• Konsepto ng "Bayani"<br>• Kalagayan ng serbisyong pabahay, pangkalusugan, transportasyon, edukasyon atbp.<br>• Bagyo, baha, polusyon, mabilis na urbanisasyon, malawakang pag(ka)wasak ng/sa kalikasan, climate change atbp.<br>• Kultural/politikal/lingguwistikong/ekonomikong |

| | |
|---|---|
| | dislokasyon/displacement/marhinalisasyon ng mga lumad at iba pang katutubong pangkat/pambansang minorya, mga maralitang tagalungsod (urban poor), manggagawang kontraktwal, magsasaka, tindero/a, tsuper ng dyip at traysikel, kabataang manggagawa, out-of-school youth, migrante atbp. sa panahon/bunsod ng globalisasyon<br>• Kahirapan, malnutrisyon, (kawalan ng) seguridad sa pagkain<br><br>(Malaya ang guro na palawakin ang bahaging ito batay sa pangangailangan. Maaaring pahapyaw lamang din ang pagtakakay sa bahaging ito bilang paghahanda sa susunod na bahagi. Kailangan ang pahapyaw na pagtalakay sa mga isyung ito upang magkaroon ng makabuluhang nilalaman ang mga pagsasanay ng mga estudyante sa mga tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon. Lunsaran ang mga talakayang ito sa paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga Pilipino sa mas matataas na antas ng diskurso na nakaugat sa realidad ng kanilang lipunang ginagalawan, tungo sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa at paghuhubog ng mga mamamayang may mapanuri at malikhaing pag-iisip.) |
| **7-18** | ***Mga Tiyak na Sitwasyong Pangkomunikasyon***<br>• Forum, Lektyur, Seminar<br>• Worksyap<br>• Symposium at Kumperensya<br>• Roundtable at Small Group Discussion<br>• Kondukta ng Pulong/Miting/Asembliya<br>• Pasalitang Pag-uulat sa Maliit at Malaking Pangkat<br>• Programa sa Radyo at Telebisyon<br>• Video Conferencing<br>• Komunikasyon sa Social Media |

| Linggo | Mga Paksa |
|---|---|
| **1-3** | ***Introduksyon: Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mas Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas Pa***<br>(Kailangang ipaliwanag dito na tinangkang paslangin ng Commission on Higher Education ang Filipino sa kolehiyo, at ipinaglaban ito ng iba't ibang grupo sa pangunguna ng Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino/TANGGOL WIKA kaya't hanggang ngayon ay may asignaturang Filipino pa rin sa kolehiyo. Kailangang bigyang-diin sa bahaging ito ang kahalagahan ng wikang pambansa sa pagbubuo ng makabuluhang diskurso sa iba't ibang larangan ng komunikasyon at pananaliksik.)<br><br>***Pagpoproseo ng Impormasyon Para sa Komunikasyon***<br>• Pagpili ng Batis (Sources) ng Impormasyon<br>• Pagbabasa at Pananaliksik ng Impormasyon<br>• Pagbubuod at Pag-uugnay-ugnay ng Impormasyon<br>• Pagbubuo ng Sariling Pagsusuri Batay sa Impormasyon<br><br>***Mga Gawing Pangkomunikasyon ng mga Pilipino***<br>• Tsismisan<br>• Umpukan<br>• Talakayan<br>• Pagbabahay-bahay<br>• Pulong-bayan<br>• Komunikasyong Di Berbal (Kumpas atbp.)<br>• Mga Ekspresyong Lokal |
| **4-6** | ***Mga Napapanahong Isyung Lokal at Nasyonal***<br>• Korapsyon<br>• Konsepto ng "Bayani"<br>• Kalagayan ng serbisyong pabahay, pangkalusugan, transportasyon, edukasyon atbp.<br>• Bagyo, baha, polusyon, mabilis na urbanisasyon, malawakang pag(ka)wasak ng/sa kalikasan, climate change atbp.<br>• Kultural/politikal/lingguwistikong/ekonomikong |

| | |
|---|---|
| | dislokasyon/displacement/marhinalisasyon ng mga lumad at iba pang katutubong pangkat/pambansang minorya, mga maralitang tagalungsod (urban poor), manggagawang kontraktwal, magsasaka, tindero/a, tsuper ng dyip at traysikel, kabataang manggagawa, out-of-school youth, migrante atbp. sa panahon/bunsod ng globalisasyon<br>• Kahirapan, malnutrisyon, (kawalan ng) seguridad sa pagkain<br><br>(Malaya ang guro na palawakin ang bahaging ito batay sa pangangailangan. Maaaring pahapyaw lamang din ang pagtakakay sa bahaging ito bilang paghahanda sa susunod na bahagi. Kailangan ang pahapyaw na pagtalakay sa mga isyung ito upang magkaroon ng makabuluhang nilalaman ang mga pagsasanay ng mga estudyante sa mga tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon. Lunsaran ang mga talakayang ito sa paglinang ng kasanayang komunikatibo ng mga Pilipino sa mas matataas na antas ng diskurso na nakaugat sa realidad ng kanilang lipunang ginagalawan, tungo sa intelektwalisasyon ng wikang pambansa at paghuhubog ng mga mamamayang may mapanuri at malikhaing pag-iisip.) |
| **7-18** | ***Mga Tiyak na Sitwasyong Pangkomunikasyon***<br>• Forum, Lektyur, Seminar<br>• Worksyap<br>• Symposium at Kumperensya<br>• Roundtable at Small Group Discussion<br>• Kondukta ng Pulong/Miting/Asembliya<br>• Pasalitang Pag-uulat sa Maliit at Malaking Pangkat<br>• Programa sa Radyo at Telebisyon<br>• Video Conferencing<br>• Komunikasyon sa Social Media |

**KONTEKSTWALISADONG KOMUNIKASYON SA FILIPINO (KONKOMFIL)**

**Plano ng Mga Aralin**

| **Balangkas ng Kurso at Sakop na OrasInaasahang Matututuhan** | **Mga Paksa** | **Metodolohiya** | **Materyales** | **Pagtatasa** |
|---|---|---|---|---|
| **Kaalaman**<br>1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>2. Maipaliwanag ang mahigpit na ugnayan ng pagpapalakas ng wikang pambansa, pagpapatibay ng kolektibong identidad, at pambansang kaunlaran.<br><br>**Kasanayan**<br>1. Magamit ang | ***Introduksyon: Ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Mas Mataas na Antas ng Edukasyon at Lagpas Pa*** | Pagbabalangkas/outlining<br><br>Pagbubuod ng impormasyon/datos<br><br>Pangkatang talakayan<br><br>Panonood ng video/documentary<br><br>Pakikinig sa awit | "Sulong Wikang Filipino: Edukasyong Pilipino, Para Kanino?" ni D. Neri<br><br>"Sulong Wikang Filipino"<br><br>Mga Posisyong Papel ng Iba't Ibang Unibersidad Kaugnay ng Filipino sa Kolehiyo<br><br>Posisyong Papel ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) Kaugnay ng Filipino sa Kolehiyo<br><br>Resolusyon ng National Committee on Language and Translation Kaugnay ng Filipino sa Kolehiyo<br><br>Resolusyon ng National Commission for Culture and the Arts Kaugnay ng Filipino sa Kolehiyo | Maikling pagsusulit<br><br>Paglikha ng video hinggil sa adbokasing pangwika |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.<br>2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.<br>3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.<br>**Halagahan**<br>1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa | | | "Sa Madaling Salita: Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa" ni R. Rodriguez<br><br>Petisyon sa Korte Suprema ng Tanggol Wika<br><br>"Speak in English Zone" ni J. C. Malabanan<br><br>Introduksyon ng "Mula tore patungong palengke: neoliberal education in the Philippines" nina B. Lumbera, R. Guillermo, at A. Alamon,<br><br>"Filipino, ang pambansang wikang dapat pang ipaglaban" ni A. Contreras<br><br>"12 Reasons to Save The National Language" at "Debunking PH Language Myths" ni D.M. San Juan<br><br>"Madalas Itanong sa Wikang Pambansa" ni V. Almario<br><br>"ISANG SARILING | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pakikipagpalitang-ideya. | | | WIKANG PAMBANSA: MGA BABASAHIN SA KASAYSAYAN NG FILIPINO" antolohiya ng KWF | |
| **Kaalaman**<br>1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>2. Matukoy ang mga mapagkakatiwalaan, makabuluhan at kapaki-pakinabang na sanggunian sa pananaliksik.<br>**Kasanayan**<br>1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.<br>2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at | ***Pagpoproseo ng Impormasyon Para sa Komunikasyon***<br>• Pagpili ng Batis (Sources) ng Impormasyon<br>• Pagbabasa at Pananaliksik ng Impormasyon<br>• Pagbubuod at Pag-uugnay-ugnay ng Impormasyon<br>• Pagbubuo ng Sariling Pagsusuri Batay sa Impormasyon | Pagbubuod ng impormasyon/datos<br><br>Think-pair-share sa mga ispesipikong teksto<br><br>Pangkatang talakayan<br><br>Lektyur-worksyap sa computer laboratory o gamit ang computer sa klase (para sa pagsipat ng mga database ng mga journal)<br><br>Komparatibong analisis ng saklaw ng mga journal | Mga artikulo sa Philippine E-Journals Database, partikular ang mga journal na naglalathala ng mga (o ilang) artikulo sa Filipino gaya ng<br><br>Daloy<br><br>Dalumat<br><br>Hasaan<br><br>Layag<br><br>Malay<br><br>Katipunan<br><br>Daluyan<br><br>Mga Artikulo sa U.P. Diliman Journals Online<br><br>"Introduksyon sa Saliksik" antolohiya ng KWF | Pagsulat ng reaksyong papel<br><br>Paglikha ng dayagram hinggil sa pagpoproseso ng impormasyon para sa komunikasyon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.<br>3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.<br>4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.<br>**Halagahan**<br>1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya. | | | | |
| **Kaalaman**<br>1. Mailarawan ang mga gawing | ***Mga Gawing Pangkomunikasyon ng mga Pilipino*** | Pakikinig ng musika at panonood ng video clips | "Pahiwatig" ni M. Maggay<br><br>Awiting "Pitong Gatang" ni F. | Pagsasagawa ng pulong-bayan sa klase |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pangkomunikasyon ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>**Kasanayan**<br>1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.<br>2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.<br>3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at | • Tsismisan<br>• Umpukan<br>• Talakayan<br>• Pagbabahay-bahay<br>• Pulong-bayan<br>• Komunikasyong Di Berbal (Kumpas atbp.)<br>• Mga Ekspresyong Lokal | Pagsusuri ng teksto at diskurso<br><br>Pagtatala ng talasalitaan batay sa interbyu (kaugnay ng mga ekspresyong lokal sa iba't ibang wika ng Pilipinas)<br><br>Komparatibong analisis ng mga barayti ng wika sa mga pahayagan | Panopio o ASIN<br><br>Mga pahayagang Filipino gaya ng Balita, Hataw Tabloid at Pinoy Weekly<br><br>"Ituro Mo Beybi: Ang Improbisasyon sa Pagtuturo" ni G. Atienza<br><br>"Kasal-Sakal: Alitang Mag-Asawa" (saliksik na gumamit ng umpukan) ni M. F. Balba at E. Castronuevo<br><br>"Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12)" ni G. Zafra<br><br>"ANG BARAYTI NG WIKANG FILIPINO SA SYUDAD NG DABAW: Isang Paglalarawang Panglinggwistika" ni J.G. Rubrico | Roleplaying o skit ng iba't ibang gawing pangkomunikasyon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| analisis na akma sa iba't ibang konteksto.<br>4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.<br>**Halagahan**<br>1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya. | | | | |
| **Kaalaman**<br>1. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>2. Matukoy ang mga pangunahing | • Korapsyon<br>• Konsepto ng "Bayani"<br>• Kalagayan ng serbisyong pabahay, pangkalusugan, transportasyon, edukasyon atbp.<br>• Bagyo, baha, polusyon, mabilis na urbanisasyon, malawakang pag(ka)wasak ng/sa kalikasan, climate change | Pangkatang pag-uulat<br><br>Panel discussion<br><br>Paglikha ng KWL Chart<br><br>Pagbabalangkas/outlining ng nilalaman ng artikulo<br><br>Panonood ng dokumentaryo, pelikula atbp. | Mga artikulo sa<br>Pinoy Weekly<br><br>Manila Today<br><br>Bulatlat<br><br>Ibon Databank<br><br>Philippine Institute for Development Studies | Pagsasagawa ng interbyu at rebyu ng kaugnay na literatura at pag-aaral (review of related literature and study) kaugnay ng |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>**Kasanayan**<br>1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.<br>2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang akma sa kontekstong Pilipino.<br>3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.<br>4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.<br>5. Malinang ang | atbp.<br>• Kultural/politikal/lingguwistikong/ekonomikong dislokasyon/displacement /marhinalisasyon ng mga lumad at iba pang katutubong pangkat/pambansang minorya, mga maralitang tagalungsod (urban poor), manggagawang kontraktwal, magsasaka, tindero/a, tsuper ng dyip at traysikel, kabataang manggagawa, out-of-school youth, migrante atbp. sa panahon/bunsod ng globalisasyon<br>• Kahirapan, malnutrisyon, (kawalan ng) seguridad sa pagkain | | Mga dokumentaryo/video mula sa<br><br>Altermidya<br><br>Tudla Productions<br><br>Mga materyales mula sa mga kilusang panlipunan<br><br>Mga artikulo sa Philippine E-Journals Database, partikular ang mga journal na naglalathala ng mga (o ilang) artikulo sa Filipino gaya ng<br><br>Daloy<br><br>Dalumat<br><br>Hasaan<br><br>Layag<br><br>Malay<br><br>Katipunan<br><br>Daluyan<br><br>Mga Artikulo sa U.P. Diliman Journals Online | mga isyung panlipunan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Filipino bilang daluyan ng inter/multidisiplinaring diskurso na nakaugat sa mga realidad ng lipunang Pilipino.<br><br>**Halagahan**<br>1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Makapagbalangkas ng gabay etikal kaugnay ng paggamit ng iba't ibang porma ng midya.<br>3. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya. | | | | |
| **Kaalaman**<br>1. Mailarawan ang mga gawing pangkomunikasyon | ***Mga Tiyak na Sitwasyong Pangkomunikasyon***<br>• Forum, Lektyur, Seminar<br>• Worksyap | Panonood ng video<br><br>Pakikinig sa radyo | Video ng mga aktwal na forum atbp.<br><br>Video ng mga sesyon sa | Pagsasagawa ng forum, lektyur, seminar atbp. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Maipaliwanag ang kabuluhan ng wikang Filipino bilang mabisang wika sa kontektwalisadong komunikasyon sa mga komunidad at sa buong bansa.<br>3.Makapagmungkahi ng mga solusyon sa mga pangunahing suliraning panlipunan sa mga komunidad at sa buong bansa, batay sa pananaliksik.<br>**Kasanayan**<br>1. Magamit ang wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na sitwasyong pangkomunikasyon sa lipunang Pilipino.<br>2. Makapagpahayag ng mga makabuluhang kaisipan sa pamamagitan ng tradisyonal at modernong midyang | • Symposium at Kumperensya<br>• Roundtable at Small Group Discussion<br>• Kondukta ng Pulong/Miting/Asembliya<br>• Pasalitang Pag-uulat sa Maliit at Malaking Pangkat<br>• Programa sa Radyo at Telebisyon<br>• Video Conferencing<br>• Komunikasyon sa Social Media | Pagsusuri sa teksto at diskurso<br><br>Pagbubuod ng impormasyon/datos | Senado at Kongreso<br><br>Video o audio ng mga programa sa radyo at telebisyon gaya ng<br>Piling episodes ng<br><br>Bawal Ang Pasaway:<br><br>Pilipinas/Filipinas<br><br>Usapang Pangkapayapaan<br><br>Failon Ngayon:<br><br>MRT<br><br>Pagmimina at Kalikasan<br><br>Mga makabuluhang social media pages at/o webpages:<br><br>Tanggol Wika<br><br>Tanggol Kasaysayan<br><br>TangIna This<br><br>Pixel Offensive<br><br>Sustainable Development Goals sa Wikang Filipino | hinggil sa mga makabuluhang paksang panlipunan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| akma sa kontekstong Pilipino.<br>3. Makagawa ng mga malikhain at mapanghikayat na presentasyon ng impormasyon at analisis na akma sa iba't ibang konteksto.<br>4. Makagawa ng makabuluhan at mabisang materyales sa komunikasyon na akma sa iba't ibang konteksto.<br>**Halagahan**<br>1. Mapalalim ang pagpapahalaga sa sariling paraan ng pagpapahayag ng mga Pilipino sa iba't ibang antas at larangan.<br>2. Makapagbalangkas ng gabay etikal kaugnay ng paggamit ng iba't ibang porma ng midya.<br>3. Maisaalang-alang ang kultura at iba pang aspektong | | | "Isang Pagsusuri sa Korpus Ukol sa Pagbabago ng Wikang Filipino, 1923-2013" ni M. K. Gallego<br>"SNS: Isang Estratehiya sa Pagtuturo" ni M.F. Hicana<br><br>"Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP" ni R. Tolentino<br><br>"Tanong-Sagot Ukol sa Sawikaan" ng KWF | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| panlipunan sa pakikipagpalitang-ideya.<br>4. Makapag-ambag sa pagtataguyod ng wikang Filipino bilang daluyan ng makabuluhan at mataas na antas ng diskurso na akma at nakaugat sa lipunang Pilipino, bilang lunsaran sa mas mabisang pakikipag-ugnayan sa mga mamamayan ng ibang bansa | | | | |
| | | | | |

**KONTEKSTWALISADONG KOMUNIKASYON SA FILIPINO (KONKOMFIL) – MAPA NG KURSO**

| MGA INAASAHANG MATUTUTUHAN SA GENERAL EDUCATION (GE) | KONKOMFIL |
|---|---|
| **Kahusayang Intelektuwal (Kaalaman)** | |
| 1. Masusing makapagsuri ng "mga teksto" (nakasulat, biswal, pasalita atbp.) | NT |
| 2. Makapagpamalas ng mahusay at mabisang komunikasyon (pagsulat, pagsasalita, at paggamit ng bagong teknolohiya) | NT |
| 3. Makagamit ng batayang konseptong batay sa mga dominyo (domain) ng kaalaman | NT |
| 4. Makapagpamalas ng mapanuri, analitiko, at malikhaing pag-iisip | NT |
| 5. Makagamit ng iba't ibang mapanuring paraan ng paglutas ng suliranin | NT |
| **Pananagutan sa Sarili at sa Bayan (Halagahan)** | |
| 1. Maunawaan ang kompleksidad ng kalagayan ng sangkatauhan | PM |

| | |
|---|---|
| 2. Maipaliwanag ang karanasan ng sangkatauhan sa iba't ibang perspektiba | PM |
| 3. Masuri ang kasalukuyang sitwasyon ng mundo sa pamamagitan ng perspektibang lokal at global | |
| 4. Tanganan ang responsibilidad na alamin kung ano ang Pilipino at pagiging Pilipino | PM |
| 5. Mapanuring makapagnilay-nilay sa mga kolektibong suliranin | PM |
| 6. Makagawa ng mga makabagong paraan at solusyong ginagabayan ng mga pamantayang etikal | PM |
| 7. Makapagdesisyon batay sa mga pamantayang moral | PM |
| 8. Mapahalagahan ang iba't ibangb anyo ng sining | PM |
| 9. Makapag-ambag sa estetika | PM |
| 10. Makapag-ambag sa pagtataguyod ng pagrespeto sa karapatang pantao | PM |
| 11. Personal at mahalagang makapag-ambag sa pag-unlad ng bansa | PM |
| **Mga Kasanayang Praktika** | |
| 1. Epektibong makagampan sa gawain bilang isang pangkat | NP |
| 2. Makagamit ng mga kasangkapan gaya ng kompyuter upang epektibong makapagproseso ng impormasyon | NP |
| 3. Makagamit ng bagong teknolohiya na tutulong at magpapadali sa pagkatuto at pananaliksik | NP |
| 4. Responsableng mahawan ang mga hadlang sa maayos na paglalakbay sa mundo ng teknolohiya | NP |
| 5. Makalikha ng mga solusyon sa mga problema sa iba't ibang larangan | NP |
| 6. Magamit ang sariling kaalaman, kasanayan, at halagahan tungo sa responsable at produktibong pamumuhay | NP |
| 7. Maihanda ang sarili para sa proseso ng habambuhay na pagkatuto | NP |

Leyenda:
NT: Natutuhan
NP: Napraktis
PM: Pagkakataong Matuto